

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy sa Kaantasan ng Pang-uri

Kakayahan: Naitutukoy ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap

Isulat sa patlang ang kaantasan ng pang-uri na may salungguhit. Gamitin ang titik L kung ang kaantasan ng pang-uri ay **lantay**, PH kung ito ay **pahambing**, o PS kung ito ay **pasukdol**.

- \_\_\_\_\_ 1. Si Gary ay ang pinakamagulong mag-aaral sa klase ni Bb. Sanchez.
- \_\_\_\_\_ 2. Mas magara ang kotse ni Noel kaysa sasakyan ni Manuel.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang buhok ni Lola Francia ay kasimputi ng balahibo ng tupa.
- \_\_\_\_\_ 4. Napansin ko na ang mga anak ni G. Santos ay magagalang.
- \_\_\_\_\_ 5. Singtangkad na ni Joni ang kanyang ina.
- \_\_\_\_\_ 6. Wala akong gusto sa kanya kahit na saksakan nang guwapo pa siya!
- \_\_\_\_\_ 7. Higit na malakas ang Bagyong Yolanda sa Bagyong Luis.
- \_\_\_\_\_ 8. Maliit ang kinita ni Ningning sa pagbebenta ng mga sampaguita.
- \_\_\_\_\_ 9. Di-gaanong sikat ang aktor na tulad ng kapatid niya na aktres.
- \_\_\_\_\_ 10. Hindi ko bibilhin ang alahas kung napakataas ang presyo nito.
- \_\_\_\_\_ 11. Bagong-bago ang sapatos na suot ni Martin ngayon.
- \_\_\_\_\_ 12. Dapat kumain ka ng masusustansiyang pagkain upang lumakas pa ang iyong resistensiya.
- \_\_\_\_\_ 13. Ang magpinsan na Sheila at Sarah ay magkamukha.
- \_\_\_\_\_ 14. Maghilamos ka muna bago kumain. Kay dungis-dungis ng mukha mo!
- \_\_\_\_\_ 15. Marapat na igalang natin ang EDSA Shrine dahil ang pook na ito ay makasaysayan.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy sa Kaantasan ng Pang-uri (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang kaantasan ng pang-uri sa pangungusap

Isulat sa patlang ang kaantasan ng pang-uri na may salungguhit. Gamitin ang titik **L** kung ang kaantasan ng pang-uri ay **lantay**, **PH** kung ito ay **pahambing**, o **PS** kung ito ay **pasukdol**.

- PS 1. Si Gary ay ang pinakamagulong mag-aaral sa klase ni Bb. Sanchez.
- PH 2. Mas magara ang kotse ni Noel kaysa sasakyan ni Manuel.
- PH 3. Ang buhok ni Lola Francia ay kasimputi ng balahibo ng tupa.
- L 4. Napansin ko na ang mga anak ni G. Santos ay magagalang.
- PH 5. Singtangkad na ni Joni ang kanyang ina.
- PS 6. Wala akong gusto sa kanya kahit na saksakan nang guwapo pa siya!
- PH 7. Higit na malakas ang Bagyong Yolanda sa Bagyong Luis.
- L 8. Maliit ang kinita ni Ningning sa pagbebenta ng mga sampaguita.
- PH 9. Di-gaanong sikat ang aktor na tulad ng kapatid niya na aktres.
- PS 10. Hindi ko bibilhin ang alahas kung napakataas ang presyo nito.
- PS 11. Bagong-bago ang sapatos na suot ni Martin ngayon.
- L 12. Dapat kumain ka ng masusustansiyang pagkain upang lumakas pa ang iyong resistensiya.
- PH 13. Ang magpinsan na Sheila at Sarah ay magkamukha.
- PS 14. Maghilamos ka muna bago kumain. Kay dungis-dungis ng mukha mo!
- L 15. Marapat na igalang natin ang EDSA Shrine dahil ang pook na ito ay makasaysayan.